


Alamin ang tungkol sa mga mapagkukunan

Kung katulad ka ng maraming Californians, sa kabila ng pagsusumikap sa trabaho ay nahihirapan ka pa ring pagkasyahin ang kinikita. Huwag kaligtaan ang ibang mga benepisyong nakuha mo — mga benepisyong tumutulong sa paglalagay ng pagkain sa hapag, nagbibigay sa iyo ng mas mabuting access sa pangangalagang pangkalusugan, at nagbibigay ng edukasyon kung mayroon kang mga anak. Tuklasin kung anong mga programa ang mayroon at kung paano ka makakapagsimula.

Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa

California Earned Income Tax Credit

Ang California Earned Income Tax Credit (CalEITC, Kredito ng Buwis sa Kinita sa California) ay isang maire-refund na kredito ng buwis na makakabawas sa halaga ng mga buwis na dapat mong bayaran o makakadagdag sa iyong refund na buwis.



Walang Social Security Number? Walang problema!
 Ang mga nagbabayad ng buwis na may ITIN (Individual Taxpayer Identification Number o Numero ng Pagkakakilanlan para sa Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis), kabilang ang mga imigranteng hindi dokumentado, ay karapat-dapat na ngayon para sa CalEITC at YCTC (Young Child Tax Credit o Kredito ng Buwis para sa Bata).

Ang mga kredito ng buwis, gaya ng CalEITC at EITC, ay hindi itinuturing na mga pampublikong benepisyong ilalim ng public charge rule (patakaran sa saguting pamahalaan) ng U.S. Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos).

Upang malaman kung ikaw ay kuwalipikado at matantiya ang halaga ng iyong kredito, gamitin ang aming calculator sa CalEITC4Me.org.